


# GUMAGAWA NG DAAN

 Magandang gabi, mga kaibigan. At nawa'y pagpalain kayo ng Panginoon nang mas lalong sagana. At salamat, Kapatid na Neville, para sa napakabuting pangungusap na 'yan. Tunay nga akong nagagalak na makabalik sa tabernakulo ngayong gabi, sa gawain ng ating banal na Panginoon, at ang makita ang ating mga kaibigan na naparito, ngayong gabi, para sambahin Siya kasama natin.

<sup>2</sup> Tunay na isang dakilang pribilehiyo ang makatagpo muli ang panig na ito ng Pagparito ng Panginoon. Matapos nating makita, mabalitaan, ang napaka raming pagyao, na di natin inaasahan, daglian po talaga, ay di natin maiwasang maisip, muli't muli, kung sino bang kasunod. Subalit, yamang taglay na natin itong pinagpalang kasiguraduhan na ito, na kung . . . “walang makapaghihiwalay sa atin mula sa pag-ibig ng Diyos na mga nakay Cristo. Wala ni kamatayan man, o—o anumang bagay sa kasalukuyan, o sa hinaharap, o anong kapangyarihan, na makapaghihiwalay sa atin mula sa pag-ibig ng Diyos na mga nakay Cristo Jesus.” At yamang nalalaman na natin ito, na, “Matapos na masira ang tabernakulong ito na ukol sa lupa, ay may isa tayo na naghihintay.” Nakapirmi, namamalagi; at nakahimlay na tayo sa mapalad na pag-asang 'yun na napaka maluwalhati.

<sup>3</sup> Nakikipag-usap ako sa maybahay ko, at kina Gng. Wood at sa kanila, nung . . . Kararating ko lang. May binabanggit ako sa kanila, “Buweno, mukha ngang sunud-sunod ang mga biyahe sa biyahe, at ang mga lugar sa lugar, pero, sa kabila nun, sila nga'y nagiging mas maluwalhati. At ako . . . yamang nalalaman ko na nalalapit na tayo, sa—sa—sa nalalapit na Pagparito ng Panginoon.” Sabi ko, “Buweno . . .”

<sup>4</sup> Kausap ko ang anak kong lalaki, nung nagbibiyahe kami nung isang araw, galing kami noon ng Sioux Falls, South Dakota. Pagkatapos ang sabi ko, “Alam mo, kalugud-lugod na dako talaga ang tahanan.” Pauwi na kasi kami noon. Sabi ko, “Minamahal natin itong mundo na ito. Ito ang tahanan natin. Marahil iniisip natin na hindi, pero tahanan natin ito talaga. Ipinanganak tayo para sa mundong ito. Dito, inilagay tayo rito ng Diyos. Wala nga tayong paraan para ilagay natin ang ating mga sarili rito. Maging ang mga tatay at nanay natin ay wala silang paraan. Kinakailangan talagang sa pamamaraan ng mga kamay ng Diyos. Marami ang kasal, pero di magka-anak. Pero, tiningnang maigi ng Diyos na makakarating talaga tayo sa lupa na ito.

<sup>5</sup> At tapos sa pagdating natin dito, nagsimula tayong mabuo't mag-anyo sa isang katawan, sa pamamagitan ng mga atomika't mga ilaw, at kung anu-ano pa, habang unti-unti itong nabubuo mula sa lupa. At pagkatapos sa pagtungtong natin sa isang partikular na edad, humihinto na ang paglaki ng mga ito. Tayo nga'y nagdaragdag pa rin ng mga ito sa atin, pero dumadaandaan na lang ang mga ito sa atin. Nagsisimula nang pumasok ang kamatayan.

<sup>6</sup> “At pagkatapos na kung masira ang tabernakulong ito na ukol sa lupa, may isa tayo na naghihintay.” Kita n'yo? Papasok tayo roon, makikilala natin ang isa't isa. Di nga lang natin makakamayan ang isa't isa; wala na kasi sa atin 'yung ganoong klase ng pandama. Di na natin. . . Di na kita makakamayan, na sasabihin ko, “Kumusta na, kapatid,” dahil ako—ako. . . wala na kasi kayong ganoong uri ng kamay. Mangyaring, hayan nga, wala na tayo sa katawang korporal na ito na pinapanahanan natin, nasa isang—isang makalangit na katawan na tayo n'yan. At pagkatapos kapag itong. . .

<sup>7</sup> At naiisip ko nga, dun sa Egipto, nung panahon na 'yun na nag-iwan ng bantayog ng pag-alaala si Joseph, sa mga anak ni Israel, ito ngang mga buto niya, na darating ang araw na sila'y lalabas dun. At sa paglabas nila, dinala nila ang mga buto niya sa paglalakbay nila, papunta dun sa lupang pangako. At bawat Hebreo na nag-aasam na makabalik sa lupang tahanan, haya't kahit na gaano pang pagpapakasakit ang pinalasap sa kanya, mangyaring ang pag-aasam niya ay ang makabalik sa lupang tahanan. At sa tuwing dadaan sila sa gawing 'yun at makikita ang mga buto na 'yun, nalalaman nga nila na balang araw sila'y uuwi na pabalik sa lupang tahanan na 'yun.

<sup>8</sup> Habang narito tayo, na naghihintay na makatawid paalis sa dakong ito, may nakikita tayong libingan na walang laman dun sa ibayo ng Jerusalem, na nagpapa-alaala sa atin na may isang bagay na nangyari. At pagkatapos kapag isinuot na natin 'yung niluwalhati. . . di po pala niluwalhati, kundi 'yung makalangit na katawan, at naglalakad-lakad na tayo sa buong paligid ng Maluwalhating mga lupain kasama si Cristo, kinakatagpo ang bawat isa, kinakausap ang bawat isa; haya't makakapagsalita tayo roon. Yaong mga kaluluwa sa ilalim ng dambana, sila'y sumisigaw, “Hanggang kailan?” At 'yun ang magiging paalaala sa atin dun, na tayo'y magbabalik muli sa lupa para kumain at uminom at matulog. Siya'y paroroon, uupo sa Luklukan, sa isang korporal na katawan. Amen.

<sup>9</sup> Isang araw Siya'y babangon, sa katawang korporal na 'yun. At sa pagbabalik Niya, itong mga makalangit na katawang ito ay magbibihis ng kaluwalhatian. Pagkatapos tayo'y magiging tulad Niya, at magpakailanman tayong mananahan sa katawan na 'yun. Ano pang. . . Ano—ano pa bang dapat ikabahala? Kita

n'yo? Tapos na ang lahat. Sadyang. . . Sadyang naka-angkla na dun mismo. At mangyaring. . .

Nakatayo ang aking pananampalataya sa wala  
nang hihigit pa  
Kundi sa katuwiran ni Jesucristo at mayaman  
Niyang Dugo;  
Kapag ang lahat na nang nasa aking paligid ay  
humantong na sa pagkabalid,  
Siya ang mananatili kong saligan at pag-asa  
magpakailanman.

<sup>10</sup> Si Cristo ang Nag-iisa na nagdulot na maging posible 'yun; hindi ang aking iglesya, o aking denominasyon man, hindi ang mga kaibigan ko, kundi si Cristo.

Ang lahat na ng ibang tayo ay buhanging  
gumuguho, ang lahat na ng ibang tayo.

<sup>11</sup> Di na nga nakakapagtakang si Eddie Perronet. . . Iniisip ng mga tao na siya'y nababaliw. At nung araw na 'yun, habang nakaupo siya dun bilang isang tagapaglingkod sa kanyang mga kababayan, umabot ang Espiritu Santo't kinuha ang panulat at nagsimulang isulat ang kahanga-hangang awiting ito na inawit sa gawaing pangdangal ng pagpapahayag sa Hari ng mga hari; *All Hail The Power Of Jesus' Name*.

<sup>12</sup> Napakainam na balita mula sa norte ngayon. Nagkaroon kami ng ministeryal, di po pala ministeryal, kundi agahan ng Christian Business Men sa. . . doon sa Minneapolis, at 'yun nga ang pinaka malaking agahan na pinagsaluhan namin na mga kalalakihan sa pagnenegosyo. Dalawang libo ang nagpunta.

<sup>13</sup> At nagkaloob ang Panginoon sa amin ng isang Mensahe. At nung umagang 'yun, sa pagtatawag para sa pagdulog sa altar, limampung kalalakihan po sa pagnenegosyo ang nagsilapit kay Cristo at naipanganak na muli, nung umagang 'yun sa gawain. Oh, sadyang pinagalak nun ang puso ko, na may kalalakihan sa pagnenegosyo na lalapit dun! Kalugud-lugod na mga gawain, sa lahat ng dako. Purihin nga ang Panginoon, at ang lahat ng kaluwalhatian ay mauwi sa Kanya!

<sup>14</sup> At ngayon may natanggap po akong kapisang papel dito, na ang sabi, "Kailan ba ako magpupunta ng Indianapolis?" Sa ika-11 ng Hunyo hanggang sa ika-15, sa Cadle Tabernacle sa Indianapolis, Indiana, mula sa ika-11 ng Hunyo hanggang sa ika-15, labing-isang libong katao ang makakaupo.

<sup>15</sup> Sa kasunod na araw naman pagkatapos ng kinabukasan, magpupunta kami ng Shreveport, Louisiana, at mananatili kami dun hanggang sa katapusan ng linggo sa Shreveport, Louisiana.

<sup>16</sup> At pagkatapos aalis kami ng Shreveport at magpupunta ng Houston, Texas, at mananatili dun ng dalawang araw, Lunes at Martes po 'yun.

17 At pagkatapos sa ika-16 sasadya naman kami sa lumang Mexico, Mexico City, lumang Mexico. Katatawag lang sa akin ni G. Arganbright. At nakontrata na nila 'yung malaking arena sa dakong 'yun, na kayang makaupo ang anim na libo. At may apat na raan na mga kaiglesyahan ang pupunta, nagpasabi na sila. Inaasahan namin na aabot ng sangdaang libo ang dadalo sa pagtitipon.

18 At ito ang pinaka unang pagkakataon na . . . Hayan nga ang isang bagay na mapupuri talaga natin ang Diyos. Pinaka unang pagkakataon ito sa kasaysayan ng Mexico, na ang gobyerno ay tumanggap ng Protestante at nagbigay pa sa atin ng dako para mapagdausan. Pinaka unang pagkakataon po sa kasaysayan ng Mexico, na isang—isang Protestante ang tinanggap sa dakong 'yun. At si Heneral Valdivia po, na isang Heneral sa hukbo ng Mexico, siya'y naipanganak na muli't tumanggap sa Espiritu Santo nito-nito lang. At dahil na rin sa kagandahang-loob niya sa gobernador ng Mexico, nabigyan tayo ng mismong gobyerno ng kapahintulutan na makapasok na may proteksyon galing sa militar. At mangyaring tayo . . .

19 Ang nakuha po'y malaking arena de toro. Yun ang pinaka malaking arena sa buong Mexico. Animnapung libo ang kayang makaupo, nakapaikot nang paganito, di pa kabilang 'yung —'yung espasyo sa may gitna kung saan nila ginaganap ang mga labanan, alam n'yo, sa gitna roon. At nakuha namin 'yun nang sampung sunud-sunod na gabi, nang walang abala, dire-diretso po 'yun nang sampung sunod na gabi. Ipanalangin n'yo lamang po ako.

20 Sadya kasing nakadarama ako ng . . . may nararamdaman po akong hugong ng kasagsagan ng ulan sa dakong 'yun. Sadya ngang . . . Ang mga tao sa Mexico ay sadyang simpleng-simple lamang, mga mapagpakumbabang mananampalataya. At kahit minsan lang na mapatotohanan sa kanila . . . Sila po kasi'y mga Katoliko. Haya't sa sandaling mapatotohanan sa kanila na ang isang Katotohanan ay katotohanan talaga, 'yun na 'yun na para sa lahat.

21 Pagkatapos, dali-dali mula sa lumang Mexico, babalik na agad dito ng ika-30.

22 At ang a-uno po kasi, umaga ng Pasko ng Pagkabuhay 'yun, dito 'yan sa tabernakulo rito, para sa pagbubukang-liwayway na gawain. At may gawain ng pagpapagalang, kasunod nun. At gawain naman ng pagbabautismo sa gabi, sa tabernakulo. At maaari n'yo nang ipagsabi ito sa inyong mga kaibigan, ngayon, para dalhin nila sa dako rito ang lahat ng mga maysakit nila't nagdadalamhati, para sa Pasko ng Pagkabuhay na gawain. May pagbubukang-liwayway na gawain po nang umagang-umaga sa araw na 'yan. Tapos, kasunod na nun, nang mga bandang alas diyos, alas nuwebe y media ang oras para sa regular na Sunday

school. Naisama n'yo naman ito sa programa, ito pong Sunday school. At isang—isang gawain ng pagpapagaling ang kasunod nun, isang re- . . . ang regular na gawain para sa pagpapagaling gaya ng idinadaos natin sa malalaking gawain sa labas.

<sup>23</sup> At hayan nga po, mangyaring, kauna-unahang beses ito ng Mexico City kaugnay rito sa bagong pangitain na ito, na sinabi sa akin ng Panginoon, na magkakaroon ng pagkilos sa panahon na 'yun dun. Kaya ang mangyayari'y uulitin natin 'yun dito sa atin, loobin ng Panginoon, dito naman, sa umaga ng Linggo ng Pagkabuhay, gagamit tayo ng dalawang silid, . . . ? . . . dito, kita n'yo. Haya't umaasa tayo sa isang dakilang panahon sa dakong ito, sa umaga ng Pasko ng Pagkabuhay.

<sup>24</sup> At ang katunayan na ang Panginoong Jesus ay nabuhay mula sa patay, haya't Siya'y buhay. Siyanga, po. At Siya nga'y buhay na buhay mula pa noong unang Pasko ng Pagkabuhay. At Siya nga'y narito sa piling natin mapasa hanggang ngayon. At ako nga'y sadyang umaasa na ang Panginoon ay magbibigay sa atin ng isang dakilang pagbubuhos ng Kanyang mga biyaya para sa umaga na 'yun.

<sup>25</sup> Pagkatapos magpupunta kami ng . . . mula, mula rito, kami nama'y magpupunta ng Chicago, para sa ika-11, mula ika-3 hanggang ika-11. At luluwas kami n'yan ng araw ng Lunes, maghahanda para sa Martes, at maghahanda na kami ng tuluy-tuloy sa . . . Hindi po pala, sa ika-3 po pala hanggang ika-8. At pagkatapos sa ika-11 maghahanda na kami pa-Charlotte . . . Di po pala, pa-Columbia, North Carolina po pala. At pagkatapos sa Spindale, North Carolina naman. At pagkatapos, mula dun, sa Charlotte, South Carolina na. At pagkatapos ay Anchorage, Alaska na, mula dun; papanorte kami sa Anchorage, Alaska. Tapos, balik na. At di pa sigurado, pero, marahil, pagkatapos ng lahat ng 'yan, 'yung tolda'y ihahanda na para sa mga gawain sa labas. Oh, ako nga'y sadyang . . .

<sup>26</sup> Alam n'yo po ba kung anong gusto kong gawin? Magagawa n'yo po bang ipanalangin ako para sa bagay na ito? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Tingnan n'yo. Gustung-gusto ko talaga, nang matagal-tagal na rin, loobin ng Panginoon, na magtayo ng tolda rito sa Fall City, at mamalagi dun ng apat o anim na linggong pagtitipon; sadyang manatili rito hanggang sa matapos ang pakikipagbaka. At inyo ngang ipanalangin 'yan ngayon. At gustung-gusto ko ngang itayo 'yun dito sa pagitan ng Jeffersonville at New Albany sa kung saan, at sige't maglaan ng pito o walong libong mauupuan dun. At pagkatapos puwede tayong magdagdag ng marami pa sa paglipas ng mga araw, at sadya ngang manatili rito hanggang sa matapos na ang lahat. Amen.

<sup>27</sup> At pagkatapos, pagkatapos, sa pagkakaalala ko sa ika-11 hanggang sa ika-15 ng Hunyo, sa Cadle Tabernacle naman sa

Indianapolis. At pagkatapos, sa ika-17, sa tingin ko, hanggang sa ika-21 ng Hunyo, sa Minneapolis naman, sa football stadium sa dakong 'yun, dalawampu't pitong libo ang makakaupo. Yan po ang internasyunal na malawakang pagtitipon ng Christian Business Men, may pangangaral, at may pananalangin para sa mga mayasakit bawat gabi.

<sup>28</sup> At ngayon po ipanalangin n'yo ang lahat ng ito, siyanga, at masinsinan n'yong ipanalangin. Malakas ang pakiramdam ko—pakiramdam ko na wala na tayong ganoong karaming panahon ngayon. At ito'y hula ko lang; hindi ko sinasabi ito na ito ang sinasabi ng Panginoon ngayon. Ang hula ko—ang hula ko'y ito na ang taon na ang Amerika'y tatanggap o tatanggi kay Cristo. Kita n'yo? Sa tingin ko'y ito na 'yung oras ng pagpapasya, na tatahakin ng Amerika. Na tayo'y magkakaroon ng rebaybal sa araw na ito, o di tayo magkakaroon ng rebaybal. At sa tingin ko ito na ang taon na ang Amerika ay gagawa ng desisyon niya. At umaasa ako na magpapasya sila nang tama at magkakaroon tayo ng dakilang rebaybal na talagang lalaganap. Sagana tayo sa mga pangangaral, at sagana tayo sa pagi-ebanghelyo, pero ang kailangan natin ay isang rebaybal (hindi po ba?), isang tunay na rebaybal. Yun ang kailangan natin. Pagpalain kayo ng Panginoon.

<sup>29</sup> Natutuwa ako na makita si Kapatid na Graham diyan, at—at sa tingin ko—sa tingin ko si Kapatid na Smith 'yang nakaupo rian sa harapan niya, si Kapatid na Smith na mula sa church of God. At—at may ilang mga ministro rito, pihado. At malugod nga namin kayong tinatanggap lahat, mga kapatid, ang bawat isa sa inyo, at ang mga baguhan dito sa aming pintuan, lahat ng mga regular na dumadalo. Sadyang minamahal namin kayo.

<sup>30</sup> At ngayong nasabi nang lahat ang mga pabatid na ito, at naalala ko rin na ngayong gabi, ang gabi ng komunyong para sa komunyong na gawain. At masinsinan n'yong ipanalangin ang minamahal nating Kapatid na Neville na nangangasiwa nang mabuti sa tanggulan ng tabernakulo rito, tunay na kalugod-lugod ang pagsusumikap niya; at para sa lahat ng mga banal sa lahat ng dako. Oh, talagang panahon na ng pangangailangan! Panahon na talaga ng pangangailangan! May naririnig akong pagtawag doon sa Aprika, at tunay na isang pagtawag talaga para sa Aprika.

<sup>31</sup> At binabanggit nga sa akin ni Kapatid na Arganbright sa telepono, kanina, na 'yung hari nung—nung isa sa mga bansa sa dakong 'yun, nakalimutan ko lang po kung alin, sa tingin ko'y dito sa Sweden, Switzerland. Sige po't aalalahanin ko mayamaya. Ang Denmark, sila'y—sila'y sumulat ng isang espesyal na liham para gawin ang panahon na ito na panahon ng pagpunta sa dakong 'yun.

Sa Aprika at India, marami pang iba't ibang lugar!

<sup>32</sup> Hayan nga't, isinama nila ang Hawaiian Islands nung isang araw. Magsasampung beses silang diretsong tumatawag para sa isang rebaybal. Gustong magpunta dun ng Christian Business Men at lumipad dun, bumuo ng order, o mag-organisa ng isang sangay at mangusap para sa kanila sa umaga, at pagkatapos magpapa-umpisa ng rebaybal sa Hawaii.

<sup>33</sup> Kaya, ang buong mundo'y naging ating kongregasyon, kita n'yo, ang buong mundo. At tayo ay Kanyang mga lingkod.

<sup>34</sup> Kaya pagka-isipin lamang, mga kaibigan, na ito na marahil ang pinaka huling gabi, ito na marahil ang pinaka huling taon, o marahil pinaka huling henerasyon. Kita n'yo? Di lang natin alam. Pero, sa kabila nun, nalalaman nga natin ang isang bagay na ito ay totoo, na ang mga buhay ay may pagkabatid na sila'y mamamatay. "Itinakda sa mga tao na mamatay na minsan, at pagkatapos nito ay ang Paghuhukom." At kung mayroon po rito ngayong gabi, na hindi pa handa para kaharapin 'yan, at di pa taglay ang mapagpalang pag-asang ito, nawa'y ito na mismo ang gabi na kayo'y magpapasya na para sa Panginoong Jesus, nang minsa't lubusan, nang Walang Hanggan.

Ngayon mangyaring manalangin po tayo.

<sup>35</sup> Makalangit naming Ama, ninanais po naming pasalamatang Ka mula sa kaibuturan ng aming mga puso, na may pagkabatid na kami'y naghihintay rito, nang di nangalilito't naguguluhan; kahit na gaano pang karaming bomba atomika ang kanilang gawin, at kahit na gaano pang karaming tauhan ang ilagay ng militar para tauhan ang mga eroplano, na anupa't ang mundo'y kabado't nanginginig sa takot. Kami po'y nakahimlay na sa mapagpalang pag-asa na ito na taglay namin. Kami'y buong nagtitiwala sa tapos nang gawa ng Diyos sa may Kalbaryo, sa pamamagitan ni Cristo. Nababatid, na pagkatapos na mawala itong makalupang tabernakulo, may isa kami na naghihintay na sa ibayo; na lalong dakila, di hamak na mas dakila, kung saan wala nang kirot o paghihirap, karamdaman. Wala nang katandaan na tatama sa katawang 'yun, wala nang pag-uuban ng buhok, wala nang kulubot, bagkus kami'y magiging batang-bata na nang magpakailanman.

<sup>36</sup> Ang mabiyayang Biblia, na di magsasabi ng kahit na ano kahit kailan kundi katotohanan lamang, ay binigyan kami ng pinagpalang katiyakan. At ang Espiritu Santo, ay gayundin, na isang saksi, ganoon din ang pinapatotoo. Ang mga puso nami'y tunay na nag-aasam dun. At nalalaman namin na ganito mismo ang sinasabi sa amin ng Biblia, ang Salita ng Diyos, na ang mga binhi'y itinatanim sa matabang lupa na ito para kami'y maihimlay sa pag-asang ito.

<sup>37</sup> Diyos, ako'y nananalangin na Iyo pong hipuin sa gabing ito ang bawat tao, na wala pa kay Cristo. At Iyong dalhin sila sa paglapit, na kalugud-lugod na paglakad na ito. Pagalingin Mo

po ang mga maysakit na nakaupo rito sa gabing ito, Panginoon. Hindi na po nakapagtataakang, sa karamihan ng mga tao rito, ay may ilan na gapos ng karamdaman sa kalagitnaan namin. At idinadalangin namin na Iyong pagagalingin ang bawat isa.

<sup>38</sup> Ngayon Ikaw po'y dumako sa Salita, Ama. Iyo pong kunin ang Salita na siyang daluyan ng buhay. Ang mismong ugat, Panginoon, ng lahat ng sibilisasyon. Idinadalangin namin na ang Espiritu Santo'y kunin ang bawat Salita at ilagay Ito sa puso ayon sa aming pangangailangan. Kami'y makapagbuklod nawa sa palibot ng Salita. Sapagkat idinadalangin namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>39</sup> Para sa kaunting pagbasa sa Mga Kasulatan, ngayong gabi, para sa—sa kaunti pong teksto, na sisikapin kong tumugaygay ng konteksto, at didiretso na agad sa Salita, para makapagsalo na tayo sa komunyong. Bukas ay Lunes na naman, alam ko na ayaw nating isip-isipin ang mga bagay na 'yan, na babalik na naman tayo sa trabaho, pero kinakailangan nating kaharapin 'yun. At maraming beses, alam n'yo. . .Mangyaring, sa kabila ng lahat ng 'yan, ito po'y mas mahalaga kaysa sa mga trabaho natin at lahat ng iba pang bagay. Kita n'yo? Dahil, 'yang mga trinatrabaho n'yo ay may hangganan, balang araw, at kayo'y may hangganan din kasama nun. Pero kung kayo'y nagtataglay ng Walang Hanggang Buhay, hinding-hindi kayo paparam. Ito kasi'y mapasa Walang Hanggan; buhay kailanpaman, walang katapusan. Pagbulayan n'yo po 'yun. Isang Buhay na walang katapusan, walang pagparam. Laksa-laksang panahon man ang lumipas, kayo'y mananatili pa rin dun. Milyun-milyong taon man ang lumipas, tayo'y mananatili pa rin dun. Kaya, ano ba naman ang haya't kaunting araw lang dito sa lupa, di nga matutumbasan ng ating mga trabaho. Kaunting tulong lang ito sa atin para mabuhay, makabili ng kaunting pagkain, at kung ano pa, kumain, kaya naman kinakailangan nating magkaroon nito.

<sup>40</sup> Ngayon sa Unang Mga Taga-Corinto sa ika-10 kabanata, simula sa talata 12.

*Kaya't ang may akalang siya'y nakatayo ay magingat na baka mabuwal.*

*Hindi dumating sa inyo ang anomang tukso kundi yaong matitiis ng tao: datapuwa't tapat ang Dios, na hindi. . .niya—niya itutulot na kayo'y. . .tuksohin ng higit sa inyong makakaya; kundi. . .kalakip din ng bawat tukso ay gagawin naman ang daan ng pagalpas, upang ito'y ating matiis.*

<sup>41</sup> Napaka gandang talata! Nawa'y idagdag ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala riyang. *Gumagawa Ng Daan*, 'yan po ang nais kong ipangusap, ngayong gabi. Bulayin. . .Nawa'y



idagdag Niya ang Kanyang pagpapala sa Kanyang Salita, habang pinapakinggan natin ngayon ang Salita.

<sup>42</sup> Naniniwala po ako, na ang Salita, ang pinaka ugat, ito ang bagay na kumakapit. Maraming beses sa mga gawain ko ng pagpapagaling, sinisikap ko—sinisikap ko pa rin, kahit na ang mga tagapagturo’y naisa-isa na nila ito, sinisikap ko pa rin na balikan at—at kunin ang Salita at maglatag ng pundasyon.

<sup>43</sup> Mga ilang gabi na ang nakararaan, may natanggap akong liham na may pagpupuna, na ayos lang naman. Isang lalaki ang nagsabi sa akin, sabi, “Kapatid na Branham, batang-bata ka pa, kung tutuusin.” Sabi, “Nangangaral na ako ng Ebanghelyo bago ka pa man ipanganak.” At sabi niya, “Ako. . . Sa buong apatnapu’t anim na taon ko, haya’t. . .” Siya’y—siya’y parang isang tagapagturo po sa isang paaralan ng Biblia. Sabi niya, “Haya’t heto ang isang tao, ng kalidad mo, na nagtuturo sa mga tao, at sa kabila nun ay may nabanggit ka sa pangungusap mo nung isang gabi.” Sabi, “Iniisip kong katawa-tawa ’yun.” Sabi, “Nabanggit mo kasi na ang diyablo ay walang kapangyarihan na magpagaling.” Sabi niya, “Marahil, ano kaya kung sabihin ko sa iyo na may kapangyarihang magpagaling ang diyablo.” Sabi, “Ngayon puwede mo akong tanungin, sa pagkakatayo mo, kung paano ko nalaman.” Sabi, “Sasabihin ko nga sa iyo,” Sabi, “Dun sa bayan namin, may isang babae roon na may—may masamang espiritu. At siya. . . Nagpupunta ang mga tao sa babaing ito para mapagaling.” Sabi, “Binubunutan niya sila ng buhok sa kanilang ulo, at kukuha siya ng dugo mula sa ugat nila, at ibabalot ’yun sa binunot na buhok. Lalakad dun sa ilog, at ihahagis ’yun nang patalikod sa balikat niya, at di na ’yun lilingunin pa. Kung lilingon siya,” sabi, “haya’t yung sakit ay mananatili dun sa tao. Pero ihahagis nga niya ’yun sa ilog, na parang ang pagkahulugan ay pagkalimot, at lalakad palayo.” At sabi, “Animnapung porsiyento ng mga tao, binibilang nga namin, ang napagaling.” Sabi, “Ngayon, kung tunay na hindi nakakapag pagaling ang diyablo, anong tawag dun?”

<sup>44</sup> Kaya, nagbigay ako ng sagot sa kanya. Sabi ko, “Mabuti kong, minamahala na kapatid, hindi naman sa pinupuna ko ang napakahabang panahon,” kita n’yo, “di naman sa pinupuna ko ang napakahabang panahon ng iyong pagtuturo, pero sinasabi ko nga sa iyo na si Jesus Cristo mismo ang may sabi na ang diyablo ay walang kapangyarihan na magpagaling. At kung si Jesus ang may sabi nun, ’yun na ’yun, sa akin. Ang sabi Niya, ‘Kung palalaysin ni Satanas si Satanas, kung ganoon ang kaharian niya’y mahahati’t mauwi sa kawakasan. At tunay na di nga niya magagawang palaysin si Satanas.’ Kung ganoon ay marahil itanong mo sa akin, ‘Bakit gumaling ang mga tao?’ Aba’y, hindi ’yun dahil sa babae. Yung babaing albularyo ay walang kinalaman dun, maging ako ay walang kinalaman dito, o kahit sino pang tao. Yung mga tao mismo na lumalapit, na

sa isip nila ay lumalapit sila sa Diyos na nagbibigay ng daan para sa kagalingan nila. Yung indibiduwal na pananampalataya nila sa Diyos, 'yun mismo ang nagpapagaling. Kita mo? Yun kasi ang iniisip nilang paraan. Pero hindi 'yun dahil dun sa babaing albularyo, dahil ano ba't tao lang din naman siya." Siyanga.

<sup>45</sup> Kaya, ang ibig sabihin, ang Ebanghelyo ay kikilos lamang, o ito'y aabot lamang sa paraan ng pagkakaturong ng Salita ng Diyos. At ang mga tao'y inilalagak nila ang kanilang pag-asa sa Walang Hanggang Salita ng Diyos. "Ang pananampalataya'y nanggagaling sa pakikinig, sa pakikinig sa Salita."

<sup>46</sup> Si Dr. Adair, dito sa bayan, isang matalik kong kaibigan, may sinabi siya sa akin nung isang araw, sabi niya, "Billy, sa palagay mo ba kung ang mga tao'y may pananampalataya na sa paghipo nila sa punongkahoy na 'yun dun, makakakuha din ba sila ng siya ring resulta?"

<sup>47</sup> Sabi ko, "Papaanong mailalagak mo ang pananampalataya mo roon? Kung mayroon kang ganoong kapantay na dami ng pananampalataya, na nananalig ka... nananalig ka na 'yun ang inilaang paraan ng Diyos, na hipuin mo ang puno, haya't mangyayari nga 'yun, at magagawa nga nila 'yun. Pero sino naman kaya ang may ganoong pananampalataya sa puno?"

<sup>48</sup> May pananampalataya ako sa sinabi mismo ng Diyos, at 'yun mismo ang hinahawakan ko. Kaya ang pananampalataya ay di itinatag sa gumuguhong buhangin ng—ng mga gawagawang pag-iisip na nakabatay lamang sa emosyon. Haya't ang pananampalataya ay itinatag sa isang pamantayan, sa Walang Hanggang Salita ng Diyos, ang Bato ng lahat ng kapanahunan. Doon nga humihimlay sa taimtim niyang dakong pahingahan ang pananampalataya at di natitinag, kapag ito'y itinatag dun.

<sup>49</sup> Ngayon, gumagawa ng madaraan. Di ako naniniwalang pinapalakad ng Diyos ang Kanyang tanggapan sa kung anong padalus-dalos na paraan na lang. Ni ako—ni ako'y hindi ako magpapalakad nang ganoon, kayo man din ay di magpapalakad nang ganoon. Hindi namatay si Jesus sa Kalbaryo na basta na lang nagsabi, "Buweno, ngayon marahil maaawa ang mga tao sa Akin, sa pagparito Ko, pagparito sa lupa at nagbihis sa anyong nag laman. At sila'y maliligtas sa paraan na ito, marahil, kung makikita nila kung gaanong kalunus-lunos Akong mamatay." Hindi ganoon ang ginawa ng Diyos. Namatay si Jesus para sa isang layunin, at 'yun ay para iligtas sila na mga pauna nang nakita ng Diyos na maliligtas. Siyanga. Alam ng Diyos na may mga maliligtas, at kinailangan nga ng preparasyon, o daang ginawa para sa kanila para maligtas. Kung wala, hindi posible ang kaligtasan.

<sup>50</sup> Kaya, ang Diyos, may pauna nang kaalaman sa mga tao na maliligtas, nakikilala kung sinu-sino sila, at Siya'y naglatag ng plano. Ngayon sasabihin n'yo sa akin, "Kapatid na Branham,

kung ganoon ay alam na pala mismo ng Diyos kung sinu-sino ang maliligtas?” Tama ’yun. “Buweno, bakit ang sabi Rito, ‘Di Niya ibig na sinuman ay mapahamak?’” Di nga Niya ibig. Di Niya ibig na sinuman ay mapahamak, na anupa’t ang lahat ay malayang tinatawag mismo sa pagsisisi.

<sup>51</sup> Pero, panukala ng pagka Diyos, na dapat Niyang malaman kung sinu-sino ang gagawa nun, o kung hindi’y di Siya Diyos. Mangyaring, Siya ay—Siya ay pinaka makapangyarihan. Siya’y nasa lahat ng dako. Kanyang nababatid ang lahat ng bagay. Nalalaman Niya ang lahat ng mga bagay. Siya’y nasa bawat dako, at pinaka makapangyarihan sa lahat. Kaya, sa paunang kaalaman ay nakita na ito’t ang sabi’y pauna na Niyang nakita ito, at nalaman, kaya ’yan ang dahilan kung bakit nasasabi Niya kung ano ang katapusan, sa simula.

<sup>52</sup> At, kaya naman, yamang nalalaman natin ang kagila-gilalas na mga araw na ito na kinabubuhayan natin ngayon, at ang maparito at masaksihan, at makita ang mga bagay-bagay na nakikita natin mismo ngayon, ang Diyos nga’y gumawa ng paghahanda para rito.

<sup>53</sup> Nung isa ngang gabi’y, tunay na kamangha-mangha talaga. May isang munting babae ang lumapit sa entablado. Doon sa tatlong-daang-libong-dolyar na gusali dun, at ’yung babae na ’yun ay may kaunting kolorete sa kanyang mukha. Tumayo nga siya roon at nagsimula siyang manginig. Sabi ko, “Isa kang Lutheran,” sinabi ko ’yun sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Ang sabi niya, “Tama, po.”

<sup>54</sup> Tapos sabi ko, “Naparito ka para maipanalangin. At ang dahilan kung bakit ganyan ang paglakad mo, ay dahil ang dalawang tuhod mo’y may pinsala.” Sabi ko, “Dahil ’yan sa isang aksidente sa sasakyan, at doon sa kotse na minamaneho mo noon, apat na taon na ang nakararaan.”

Sabi niya, “Totoo po ’yan.”

<sup>55</sup> Sabi ko, “Ang doktor mo’y isang maliit, na di katangkaran na lalaki, na kalbo at nakasuot ng salamin.”

Sabi, “Tama po.”

<sup>56</sup> Tapos sabi ko, “May mga ginagawa siyang pang-doktor na mga bagay sa—sa mga tuhod, dahil ’yung buto dun ay naging tuberkular na, at maging ’yung laman-laman dun ay nabubulok na sa paligid nung buto.”

Sabi niya, “Tama po.”

Tapos ang sabi niya, “May pag-asa po ba para sa akin?”

<sup>57</sup> Sabi ko, “Depende ’yan sa iyong paglapit sa Panginoong Jesus.” Sabi ko . . .

Sabi niya, “Matutulungan mo ba ako?”

58 Sabi ko, “Hindi po, ginang. Walang makakatulong sa iyo kahit sino ngayon. Haya’t kinakailangan mo kasing tulongan ang sarili mo sa inilaan nang pagpapala ng Diyos para sa iyo.”

At kaya ang sabi niya, “Sumasampalataya ako nang buong puso ko sa oras na ito mismo.”

59 Sabi ko, “Pinagaling ka na ng Diyos, kapatid na babae. Haya’t GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Magaling ka na.”

60 Ang sabi niya, “G. Branham, matagal-tagal na rin akong hindi nakakaluhod,” sabi niya, “apat na taon na po.” Habang umiiyak siya, na nakatayo roon, magkalapat ang mga kamay. At ’yung malaking madla ng mga tao roon ay nagsisiyakan na rin, habang pinapanood siya; mga Lutheran, mga Presbyterian. Tapos ang sabi ko, “Bakit hindi ka magpunta sa may altar at lumuhod ka?”

61 Sabi niya, “Hayaan mong dito ako mismo lumuhod, dito mismo sa lugar kung saan ako pinagaling.” Ni hindi nga siya gumalaw ni isang hakbang lang, pero nalalaman nga niya na siya’y pinagaling na. May kung anong bagay na nangyari. Kita n’yo? Alam niya ’yun. Wala ngang pagbabaka-sakali dun.

Sabi ko, “Lumuhod ka.”

62 At sa pinaka unang pagkakataon sa loob ng apat na taon, na ’yung pareho niyang mga tuhod ay napinsala’t punung-puno ng kalyo sa buong palibot, magang-maga, namumuo ’yung mga buto; ’yung babaing ’yun, ay para ngang batang-batang babae, na lumuhod sa kanyang mga tuhod na may luhang gumuguhit sa kanyang mga pisngi, itinaas ang kanyang mga kamay sa Diyos. Haya’t, tumayo sa dakong ’yun, na walang kahirap-hirap, na parang isang kabataang babae lang, at bumaba na sa entablado. Ano ’yun? Ang Diyos nga’y gumawa na noon pa man ng paraan para dun.

63 Ngayon, Siya nga’y nagpapadala ng mga doktor, tama po ’yun. At mahuhusay nga ang mga doktor, at ginagawa nga nila ang lahat ng makakaya nila. Pero Diyos mismo ang gumawa ng paraan. Ganon mismo. Kita n’yo? Matapos na ang doktor ay mabigo, sa sarili niyang paraan, haya’t ang paraan ng Diyos ay higit na mas mataas kaysa sa paraan natin. Tunay na kahanga-hangang bagay talaga!

64 Ngayon, ang isipin, ngayong gabi, na kayo po’t ako... Di man, di man natin gustong isipin ito, pero tayo po’y sadyang inanyuan sa kalikasan ng mundong ito, na anupa’t, para tayong mga baboy. At, ngayong gabi, tayo’y mapaging mga banal. May kung anong Bagay dapat na mangyari. Ngayon, di nga tayo makatutungtong sa Langit, bilang mga baboy. Kinakailangan na sa pagtungtong natin dun sa Langit, tayo’y mga banal, kaya kinailangan talaga ng preparasyon para rito.

65 Haya't may ibinigay nga dun ang Diyos sa Lumang Tipan sa isang napaka gandang paraan. Sa Aklat po ng Mga Bilang, doon sa ika-20 kabanata, at doon din sa Exodo sa 36, 32, haya't nakita natin dun sa Araw ng Pagtutubos. . . Ang Diyos, sa mga tipong 'yun, paunang ipinapakita na ang Kanyang gagawin, sa mga anti-tipo, na sa pagdating nito, ay si Cristo.

66 Ang punong saserdote nga'y inatasan na kumuha ng dalawang kambing, maliliit na kambing, at kunin sila't dalhin dun para sa pagtutubos, bilang hain, at isang guyang toro para sa sarili niyang pamilya. At marami sa inyo na mga nagbabasa, at mga nag-aaral ng Biblia, nalalaman n'yo nga kung para saan ang mga 'yun sa pagtutubos. Mangyari ngang, isang kambing dun. . . May gagawin ngang pagpipili ayon sa kapalaran. At 'yung kapalaran ay mapupunta sa isang kambing, 'yun ang mamamatay, at pagkatapos 'yung dugo nung isang kambing na ito ay ilalagay dun sa isa pang kambing, na nakapatong dun ang kamay nung punong saserdote, sinasambit nang hayagan ang mga pagkakasala ng mga tao, sa isang kambing na 'yun na buhay. At pagkatapos may isang lalaki na karapat-dapat, na dadalhin niya 'yung buhay na kambing na 'yun sa ilalim ng kanyang bisig, at magpupunta dun sa ilang kung saan 'yung kambing ay pakakawalan dun para mamatay at payayaunin sa ilang, na dakong wala nang balikan pa. Di na nga kailanman, sa kalagayang 'yun, makakabalik sa kanyang sariling pamilya muli, bagkus mawawalay na kailanman, dala-dala ang mga pagkakasala ng mga tao.

67 Ngayon, marami akong kilalang iskolar, na marahil, sila'y nakaupo rito ngayon. At lalong-lalo na sa mga Adventist, na kanilang—kanilang sinasabi na, “Yung isang kambing dun ay si Cristo, at 'yung isa naman ay 'yung diyablo.” Ngayon, mga kapatid, iiba po ako ryan nang kaunti. Di nga tayo puwedeng mag-alay ng handog sa diyablo. Yung dalawang kambing na 'yun ay sumasagisag kay Cristo. Yung dalawa na 'yun ay si Cristo. Si Cristo ang ating. . . Nagbubo Siya ng dugo para sa ating mga kasalanan at Kanyang dinala 'yun mismo sa Sarili Niya, palayo. Hindi nga magagawa ng diyablong pasanin ang aking mga pagkakasala. Si Cristo ang pumasalan ng ating mga kasalanan. Lumagak nga kayo ryan, at ang pananampalataya n'yo ay di mauuga. Si Cristo ang siyang nagpasan ng ating mga kasalanan, at ng mga kasalanan ng sanlibutan.

68 Si Cristo ang naghihingalong handog sa krus, pakinggan n'yo, “Ang Corderong pinaslang mula pa noong itatag ang mundo.” At ang mga ito'y nagsisilbing mga tipo, tayo nga'y kumuha na ng dibidendo, yamang nalalaman natin na ang anti-tipo ay paparito isang araw.

69 Bakit nga sinasabing Siya'y pinatay na agad dun pa lamang sa pagkatatag ng mundo? Dahil nga, natalos na ito ng Diyos

sa Kanyang isip, kung papaano ba ang mangyayari sa mga bagay-bagay, at kung ano ba ang magiging kalagayan ng iglesya, at kung ano ang magiging kalagayan ng lahat ng mga bagay, at binigkas Niya mismo ang Salita. At sa tuwing bibigkasin ng Diyos ang Salita, 'yun nga'y parang nangyari na rin, nung mismong oras na 'yun, kaya Siya'y pinaslang na dun pa lamang sa pagkatatag ng sanlibutan. Nakikita n'yo na po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

<sup>70</sup> Kung magagawa n'yo ngang lumagak na roon ngayon, at hayaang ang pananampalataya n'yo ay taimtim na humimlay; hindi sa kung sinong tao, hindi sa kung anong teolohiya ng tao, hindi sa kung anong maka-denominasyon na mga iglesya, kahit na gaano pang kainam ang mga ito, gaano pang kainam ang tao na 'yun. Ilagak n'yo ang inyong pananampalataya sa tapos nang mga gawa ni Cristo sa Kalbaryo, para sa pagkakasala't kaligtasan. Nakikita n'yo po ba?

<sup>71</sup> Pansinin, si Cristo'y naparito, at Siya ang naghihingalong handog na 'yun, dahil Siya nga'y (pauna nang) pinaslang bago pa man itatag ang sanlibutan. Nakikita n'yo? Binigkas na 'yun mismo ng Diyos at sinabi na ganun nga ang mangyayari. Kaya, sa tuwing ang Diyos ay magsasalita, ito'y magpakailanmang pinatotohanan na sa Langit. Ang Salita, ang. . .

<sup>72</sup> Diyan kayo inaasahang maglumagak ng pananampalataya. Kung nananampalataya kayo na ito nga ang Walang Hanggan, Salita ng Diyos na di nagbabago, kung ganoon bawat utos na binigkas sa Salita ng Diyos ay Binhi. At ang lahat ng binigkas ng Diyos, sa Salita, ay pinatotohanan na sa Kaluwalhatian. At ibinigay na ito sa inyo para pakilusin n'yo. Kaya huwag kayong matatakot na panghawakan ang alinman sa bahaging ito ng Walang Hanggan, na pinagpalang Salita ng Diyos, at iangkla n'yo Ito sa inyong puso. Ngayon, Ito nga'y dapat na maitanim sa lupang punlaan.

<sup>73</sup> Ngayon, halimbawa, kukuha ako kunwari ng butil ng mais tapos itatanim ko 'yun sa asul na bilugang bato o kung ano na parang ganun, marahil ay di 'yun tutubo, dahil maling uri 'yun ng lupa. Pero kung mapupunta nga 'yun sa isang mayaman, na mataba't pinong-itim na lupa, tutubo't tutubo talaga 'yun kung papaanong naipunla 'yun dun. At kapag ang Salita. . .

<sup>74</sup> Heto na po! Kapag ang Salita ng Diyos ay nahulog sa isang puso na punung-puno ng pananampalataya, tunay na tutubo't tutubo talaga ito. Kakapit at kakapit 'yun. Yan ang dahilan kung bakit 'yung babae na nakatayo roon, na 'yung pareho niyang mga tuhod ay nababalutan nang husto ng calcium, gawa nung mga latak ng mineral, at napipinsala nang husto 'yung mga tuhod, na pareho na 'yung magang-maga, at 'yung mga buto ay nabubulok na dahil sa tuberkular, at 'yung. . . maging 'yung pinaka laman. Haya't hindi nga siya natakot na lumuhod gamit ang mga tuhod

niyang 'yun. Dahil ano? Ang Salita kasi'y doon naipunla sa pananampalataya. Tutubo talaga! Nakukuha n'yo na ba?

<sup>75</sup> Ang Diyos, bago itatag ang mundo, sinabi na si Cristo ay paririto. At Kanyang papatayin, mamamatay, ang isa na ito na walang sala para sa mga nagkasala. At nung salitain 'yun ng Diyos, ito'y pinagtibay na mismo nung salitain ito ng Diyos.

<sup>76</sup> Ngayon, bago 'yun maging isang salita, kinakailangan muna 'yung maging kaisipan, dahil ang salita ay isang kaisipan na inihayag. At kaya kung...ang Diyos, sa Kanyang kaisipan, natalos na ang mga bagay na ito, ibig sabihin ang mga ito'y naroon na mismo sa Kanyang kaisipan. Pagkatapos, sasalitain Niya ang mga ito, haya't ang mga ito'y maipagpapalagay nang tapos na kapag sinalita na mismo ng Diyos, dahil Siya'y hindi nagkakamali at di gagawa ng anumang labas dun.

<sup>77</sup> Kaya naman, ang pagkilos dito ng Diyos. Kung iniligtas ng Diyos ang mga makasalanan nung unang panahon, sa batayan ng pagtanggap sa sinunog na hain, ng handog na inilaan, 'yun na 'yun mismo ang gagawin Niya sa panahon ngayon, o kung hindi'y nagkamali pala Siya nung ilagay Niya ang unang tao sa batayan na 'yun. Kung pinagaling nga ng Diyos ang mga may sakit sa panahon na 'yun sa batayan ng nabubong dugo ng isang hayop, sa batayan ng pagtutubos, ganoon na ganoon pa rin ang Kanyang gagawin mismo sa panahon ngayon, o kung hindi'y nagkamali pala Siya nung pagalingin Niya ang unang tao. Kita n'yo? Hinding-hindi nga Siya puwedeng magbago.

<sup>78</sup> Umuunlad tayo. Tumatanda tayo. May mas magagandang bagay tayo na nadidiskubre. Laman ng usapan natin ang mas magagandang bagay. Mas magagandang damit ang isinusuot natin, mas magagarang sasakyan ang minamaneho natin. Umuunlad tayo.

<sup>79</sup> Pero ang Diyos ay di umuunlad sa ganoong paraan, dahil Siya ay ganap na sa simula't simula pa lang. At kung ganap na'y di na nga ito uunlad pa; ganap na kasi ito. Amen. Kaya di nga Niya sasabihin na, "Buweno, isang panibagong panahon na ito, may kamit-kamit na tayo ritong mas mabuting kaisipan ngayon." Kung ganoon, di Siya maaaring maging ang Diyos. Kaya, kung Siya ang Diyos, kung ano 'yung binigkas Niya sa pasimula roon, mananatili't mananatili Siya roon, dahil Siya'y ganap dun noon at ganap dito ngayon. Kita n'yo? Nakikita n'yo ba? Kaya, hindi talaga Siya umuunlad. Di nga Siya...Buweno, ang ibig kong sabihin, di na Niya puwedeng pabutihin pa ang mabuting bagay. Na gagawin pa ang isang munting bagay na maging...sasabihin, "Mas maganda siguro kung pabutihin pa ito."

Sasabihin n'yo, "Paano naman 'yung tungkol sa kordero dun sa luma, at itong Cordero na ito?"

<sup>80</sup> Yun kasi'y tipo, hinihintay Ito, at Kanyang sinabi mismo na ganoon 'yun. Binigkas na Niya noon pa man ang tungkol sa Cordero na pinatay mula pa nung itatag ang sanlibutan, sa pasimula. "Pag-aalitin Ko ang Binhi ng babae at ang binhi ng serpiyente." At habang hinihintay ang buong kapuspusan ng pagdating ng panahong 'yun, nagbigay ang Diyos ng kabayaran ng kasalanan, sa pamamagitan ng pagbubo ng dugo ng kordero, na tumuturo dun.

<sup>81</sup> Ganoon din ang ibinigay Niya sa pamamagitan ng buwan, sa gabi, na kung papaanong ganoon 'yun sa araw sa umaga. Ang buwan nga'y anino ng araw, o ang araw ay sumisingag dun sa buwan, lumilikha ng anino. Ang buwan at ang araw ay asawang lalaki't asawang babae. At habang ang araw ay wala, magpapaaninag 'yun ng liwanag niya sa buwan, para bigyan tayo ng mas maliit na liwanag hanggang sa dumating uli ang araw. At kapag dumating na ang araw, ang buwan nama'y mawawala na sa eksena.

<sup>82</sup> At si Cristo ang Araw Na nagtungo sa Kaluwalhatian, at nagpapaaninag sa Iglesya, ng siya ring uri ng Liwanag na Kanyang pinaaninag nung Siya'y naparito noon. At ang Iglesya ang Liwanag ng sanlibutan hanggang si Jesus ay dumating na't ang lahat nito'y maglakip na magkasama. Gaya nung liwanag ng buwan at liwanag ng araw na magiging isang liwanag na lang, kapag sila'y naglakip na magkasama. At sa panahon na si Cristo at ang Iglesya Niya ay naglakip na nang magkasama, sa dakilang Milenyum, sila'y lalaking nga na iisa.

<sup>83</sup> At ngayon, "Kayo ang Liwanag ng sanlibutan." Sa Kanya mismong Presensya . . . o sa Kanyang pagliban man, ang ibig kong sabihin, Siya ay nagbibigay sa inyo ng Liwanag para kayo ay magliwanag, habang Siya'y narito sa isang banda. Lahat ng mga paunang bagay, lahat ng mga bagay dito sa lupa, ay tipo ng Makalangit.

<sup>84</sup> Kahit 'yung mga gagamba, at mga bayawak, at mga ahas, at iba pa, ang mga ito'y sadyang mga tipo ng mga masasamang espiritu, na sumasalamin. Bakit ang tawag sa kanser ay kanser? Dahil may porma ito ng isang alimango. At ang ibig sabihin ng salitang *kanser* ay "alimango."

<sup>85</sup> Ngayon, nakita n'yo, ang lahat ng mga 'yun ay mga tipo't mga anino. Kaya, 'yung kambing na hinantungan ng sisi na kinailangang mailayo sa ilang, sa isang malayo't hiwalay na dako, ibinukod palayo sa mga kapwa niya mamamayan, dala-dala ang mga kasalanan ng mga tao sa kanyang ulo, haya't 'yan ang tipo ni Cristo na inihwalay mula sa Diyos, at inilayo sa Kanyang Presensya, at dinala ang ating mga pagkakasala sa impyerno. At doon ang Diyos nga'y hindi Siya iloloob . . . Sabi ni David, "Di Ko iloloob na ang Aking Banal ay makakita ng kabulukan. Ni iwan Ko man ang kaluluwa Niya sa impyerno."



At nung ikatlong araw, nagbangong muli para sa ating pag-aaring ganap. Pero itinipo nga Niya ang kambing, ang kambing na hinantungan ng sisi, at maging 'yung kambing na hain para sa kasalanan. Ang Diyos ay gumawa ng mga paghahanda, at isang inilaan na paraan!

<sup>86</sup> Ang Diyos ay laging gumagawa ng daan para makaalpas, sa bawat pagkakataon. Susukulin ka ng karamdaman sa isang sulok. Hihilahin ka ni Satanas pababa sa isang dako matapos na maging Cristiano ka na.

<sup>87</sup> Marahil isa kang manunugal dati. Nakikita n'yo? Yung mga baraha'y nakalatag sa lamesa. "Halika na, John, alam namin na nandiyan pa rin 'yan sa iyo." Hayan nga palagi si Satanas na tutuksuhin ka. Pero ang Diyos, sa bawat—bawat pagkakataon, ay gumagawa ng daan para makaalpas kung tatanggapin mo lamang ito.

<sup>88</sup> Marahil isa kang—isa kang manginginom dati, at 'yung baso ng alak ay nasa ilalim lang ng ilong mo. "Ngayon, halika na, John." Ngayon, kung gugustuhin n'yong makinig sa tinig na 'yun, didire-diretso ka nga sa iyong putikan uli.

<sup>89</sup> Pero ang Diyos ay laging nariyan. Ibaling mo ang isip mo sa Langit, at tumingin ka sa direksyon ng Kalbaryo, at sabihin, "Mapagpalang Banal na Espiritu, lumukob Ka sa akin. Ako po'y nangangailangan." Masdan n'yo nga ang mangyayari. Ang Diyos ay gagawa ng madaraan para makaalpas, sa bawat pagkakataon, dahil Kanya ngang gagawin 'yun. Sa tuwina'y 'yun ang ginagawa ng Diyos.

<sup>90</sup> At ngayon pansinin. Bago ang pagkawasak ng mundo, sa panahon na ang mga tao'y malala na ang pagkakasala, at ang mga tao'y talagang sukdulan na sa paggawa ng kasalanan sa mundo, ang Diyos ay gumawa ng daan para makaalpas para sa mga tao na nagnanais na makaalpas sa pamamagitan nun. Ang Diyos ay gumawa ng daong, naghanda. Si Noe ay gumawa ng paraan ng pag-alpas sa pamamagitan ng daong, sa paghahanda niya ng daong na ito, naturang paghahanda para makaalpas. Pakinggan po. Mula sa . . . para sa isang daan para makaalpas, ito ngang . . . Ang galit at paghatol ng Diyos ay patong-patong na sa kalangitan noon, na naghihintay na lang na maibuhos sa makasalanang bansa at makasalanang mga tao, na tinanggihan 'yun, at matitigas ang ulo, nagsisilakad ng laban sa mga utos ng Diyos. Sa pag-usad ng panahon na ang mga kagalitang ito'y nagpapatong-patong na sa kalangitan, na naghihintay na lang na maibuhos sa mga tao, sa paghatol, ang mahabaging Diyos ay gumawa ng daan para makaalpas para dun sa mga nagnanais na makalakad dun. Ang daan para makaalpas!

<sup>91</sup> Ngayon nakarating na tayo muli sa puntong ito na ang mga paghatol ay nagpapatong-patong na uli. At kung sa araw na 'yun ay nangyari 'yun noon, sa panahon ng pangmalawakang

pagkagunaw sa baha, gaano pa kayo ngayon, sa panahon na ito na napipinto nang matapos ang mismong kasaysayan ng oras, sa panahon na ito na napipinto nang matapos ang kasaysayan ng mga bansa, at patungo na sa dulo! Gaano pa kayang ganoon na lamang ang pagkagalit ng Diyos sa milyun-miyong katao, na nagpapatong-patong na, na anupa't umabot na sa puntong ang kasalanan ay inilulubog na nito ang mundo, na ang mundo'y gumigiray-giray na parang lasenggo na pasuray-suray pauwi sa kanyang bahay ng alas kuwatro. Sadyang abot-abot na talaga sa buwan at mga bituwin, hanggang sa umabot na mismo sa—sa laylayan ng damit ng Jehovah ng Hukbong Kalangitan.

<sup>92</sup> Hayan nga't, ang mundo ay pagiray-giray habang pasan-pasan niya ang bigat ng sarili niyang gawang-taong teorya, para lang mapangalagaan ang kanyang sarili, kanyang sariling mga teolohiya. “Kanilang kinukuha ang mga Kautusan ng Diyos at niwawalang kabuluhan ang mga ito, sa pamamagitan ng pagtuturo ng kanilang sali't saling sabi ng tao. Iniibig nila nang higit ang mapuri ng mga tao kaysa sa mapuri ang Diyos.” Ang mga tagapagturo nati'y nagiging malahininga na, at ang binibigyang-diin ay ang pag-anib sa iglesya, at sinasabi, “Ayos lang 'yan, basta't kaanib ka sa iglesya. Kalimutan mo na ang bagay na 'yan.”

<sup>93</sup> Pero, kapatid, ang Diyos nga'y gumagawa ng madaraan para makaalpas. At kinakailangan mong katagpuin ang nilaan na hinihingi ng Diyos, at 'yun ay sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon. Wala na ngang ibang pundasyon ang nailatag kundi yaong nailatag na sa pasimula, wala na, wala na ngang kung sino pa. Ang magtatag ng ibang pundasyon, ay parang dayaming ginapas at putik, na aanurin lang ng baha, at masaklap ang pagkabagsak. Pero sinabi ni Jesus, “Sa ibabaw ng batong ito, ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng hades ay di magsisipanaig laban Dito.” Sa ano nga Niya Ito itinayo? Sa espirituwal na nahayag na Katotohanan na Siya ang Anak ng Diyos.

“Ano baga ang sabi ng mga tao kung sino Ako na Anak ng tao?”

<sup>94</sup> “May ilan ang sabi'y 'si Elias,' ang iba nama'y 'si Moises,' at may ilan na ang sabi nila'y 'si Juan Bautista,' at kung sinu-sino pa.”

“Datapuwat ano naman ang sabi ninyo kung sino Ako?”

<sup>95</sup> Nang walang pag-aatubili, nang di na nagdadalawang-isip pa. . . Pakinggan n'yo, mga makasalanan. Sa ganitong paraan n'yo nga ito matatanggap. Siya'y kasa-kasama na niya noon pa man; nakikilala nga niya kung sino Siya. At bago pa man siya magdalawang-isip, hinawakan siya ng Espiritu Santo, at kaya ang sabi niya, “Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay.”

96 Sabi, “Ika’y, mapalad ka Simon, Simon Bar-jona, sapagkat di ito ipinahayag sa iyo nang laman at nang dugo. Hindi mo ito natutunan sa kung kaninong teolohiya. Hindi ka nanggaling sa kung saang seminaryo’t nakuha mo ito roon. Datapuwat ang Aking Ama Na nasa Langit ang mismong naghayag nito sa iyo. Sa ibabaw ng batong ito, ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng hades ay di magsisipanaig laban Dito.”

97 Dumating man ang mga baha, at magbagsakan man ang mga atomika, at lahat na, pero ang tao na ligtas sa panganib kay Cristo ay sasalimbay sa bagyo ng atomikang ito, kung papaanong si Noe noon ay ligtas sa bagyo ng baha, ligtas sa loob ng daong. Iangkla n’yo ang inyong pananampalataya roon, kahit minsan, pagmasdan n’yo ang mangyayari; sa matibay na bato ng Diyos, sa mga tipo. Ang Diyos ay gumagawa ng daan para makaalpas, sa bawat pagkakataon. Tunay na gumagawa talaga Siya ng daan para makaalpas. Kapag may dumarating na isang mapanganib na panahon, ang Diyos ay ang Diyos . . .

98 Jehovah-jireh! Ang ibig sabihin ng *Jehovah-jireh* ay, “Ang Panginoon ay maglalaan sa Kanyang Sarili ng isang handog,” dahil ang Panginoon ay tunay na maglalaan sa Kanyang Sarili ng daan para makaalpas. Magagawang maglaan ng Diyos dahil Siya ang Manlilikha. At ginawa ’yan ng Diyos, nang minsa’t lubusan, sa Kalbaryo! Amen! Doon mismo, doon mismo nung ang mga Arkanghel ng Langit, nung ang buong lupain ng mga demonyo’y niyanig, nung ang mundo’y tila nagpatirapa sa takot at niyanig ang libingan, at nung ang araw ay parang inatake ng sumpung at naparalisa sa kinalalagyan niya roon at nagdilim nang tuluyan, nung ang buwan at ang mga bituwin ay niyanig sa kani-kanilang puwesto, na ang mga hirang sa lahat ng mga kapanahunang nagdaan, at sa mga kapanahunan na parating palang, ay mapagkikilala nila ang oras na ’yun.

99 Noong mamatay ang Anak ng Diyos sa dakong ’yun, si Satanas ay tinanggalan ng lahat ng kapangyarihan. Maging ang kamatayan, at impyerno, libingan, at lahat na pagkatakot, nilamon doon sa Kalbaryo. Noong bayaran Niya ang pinaka malaking halaga at nung ang Cordero ay mamatay, at ang mga pagkakasala ay iniatang sa Kanya, Siya’y naging tagapagdala ng mga kasalanan, dinala ang mga ’yun sa impyerno kung saan sila nabibilang. At ibinangon Siya ng Diyos sa ikatlong araw. At sa pananampalataya natin diyan, tayo’y inaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, sa batayan ng nabubong Dugo ng Panginoong Jesus Cristo. Amen. Ang Diyos nga ito na gumagawa ng daan para makaalpas.

100 Oh, kapatid, habang may nakikita kang . . . naririnig mo ang pagwangwang ng ambulansya, sa tuwing maririnig mo ito, isa’yung pagpapaalala na papunta ka na rin sa ganoon. Sa tuwing dadaan ka sa isang libingan, isa’yung pagpapaalala. Papunta

ka nga sa ganoon. Sa tuwing may kulubot na lilitaw sa iyong mukha, at puting buhok sa iyong ulo, isa 'yung pagpapaalala. Papunta ka sa gawing 'yun.

<sup>101</sup> Hindi na nga nakakagulat, na heto't, nagawang sabihin ni Pablo, habang taglay ang tunay na pag-asang 'yun na inugat at nakapirmi sa kanya, ang ganito. Grabe! Noong papunta na siya roon sa dulo ng landas niya, ang sabi niya, "Nakipagbaka ako ng mabuting pakikipagbaka. Natapos ko na ang aking takbo. Iningatan ko ang pananampalataya. Buhat ngayon, ay natataan sa akin ang putong ng katuwiran, na ang Panginoon na tapat na Hukom ang magbibigay sa akin sa araw na iyon, at hindi lamang ako, kundi sa lahat din naman ng mga naghahangad sa Kanyang pagpapakita."

<sup>102</sup> Sa punto na kayo'y may sakit at pagod na sa matandang buhay na ito, at hinahangad n'yo na nang may pagsinta ang pagpapakita ng Panginoong Jesus nang higit sa paghahangad n'yo sa kakainin n'yo sa inyong hapag, o sa asawa n'yo, o sa mga anak n'yo, haya't may putong na nakalaan sa inyo. Di lang basta putong, na isang gintong putong na ipapatong sa inyong ulo. Kundi isang katawan, na malaya na sa pasakit, sa . . . ika'y mapuputungan sa Kaluwalhatian ng Diyos, mapuputungan sa kawalang-kamatayan ni Jesus Cristo. Yan nga ang nakalaan sa inyo roon, na ang Panginoon, na tapat na Hukom ay ibibigay sa inyo sa araw na iyon. Yan nga ang araw na kinasasabikan natin nang husto. Ang Diyos ay gumawa ng daan para makaalpas para sa bawat isa sa atin. Tunay na gumawa nga Siya.

<sup>103</sup> Nung si Daniel na propeta, na anak ng Diyos, ay itinapon sa yungib ng mga leon. May isang panahon nga na si Daniel, sa kanyang pagiging matapat, ay kanyang itinaas pa ang kanyang mga bintana't di natakot sa kung anumang sabihin ng hari. At nung ang . . . siya'y manalangin, kahit na ano pa ang iniutos na proklamasyon nung panahon na 'yun, si Daniel ay nanalangin pa rin, habang nakaharap siya sa direksyon ng Jerusalem at nanalangin. Mangyaring ang pagharap noon sa direksyon ng Jerusalem at manalangin, sa siyudad na 'yun kasi ginagawa ang paghahandog ng alay na susunugin. . . Yun ang dahilan kung bakit nakaharap si Daniel noon sa direksyon na 'yun at nanalangin, dahil sinabi na mismo ng Diyos na, "Sa panahon na ang bayan ay nasa kagipitan, at tumingin lamang sa dakong banal na ito, at manalangin, ay didinggin. . . Didinggin Ko mula sa Langit," noong inihahandog ni Solomon ang templo.

<sup>104</sup> Yan ang dahilan kung bakit ganoon na lamang ang taglay na pananampalataya ni Jonas, nung panahon na 'yun na balot ng halamang-dagat ang kanyang leeg, at nanggigitata dun sa suka, sa loob ng tiyan ng balyena, sa kailaliman ng karagatan, sa dagat na mabagyo. Sabi pa nga niya, "Ang mga ito'y walang kabuluhang mga pandaraya. Subalit minsan pa ay titingin uli

ako sa Iyong banal na templo, Diyos.” May ginawa roon ang Diyos. Siya’y gumawa ng daan para makaalpas si Jonas. Kung ano ang ginawa Niya, walang kayang makaisip nun. Sadyang sariling lihim ’yun ng Diyos.

<sup>105</sup> Pero, kahit na gaano pang kaimposible, ang Diyos ay—ay may kakayahan na baguhin ang kalagayan. Magagawa Niyang ang imposible’y maging posible. At di lang basta posible, kundi papaging realidad pa, kung panghahawakan lamang ng tao ang Diyos sa Kanyang Salita at tatanggapin ang inilaang daan na inilaan ng Diyos sa tao.

<sup>106</sup> May ginawa roon ang Diyos. Marahil naglagay Siya roon ng kulambo ng oxygen sa loob dun. Hindi ko alam kung anong ginawa Niya roon sa loob ng tiyan ng balyena, pero iningatan Niya si Jonas sa loob nun ng tatlong araw at gabi, bilang tipo, na si Cristo ay mahihimlay ng walang oxygen, sa tiyan ng lupa, at sa ikatlong araw Siya’y magbabangon muli. Isa ’yung tipo. Gumawa Siya ng daan para makaalpas. Sa tuwina’y ’yun lagi ang ginagawa Niya.

<sup>107</sup> Nung sandaling ’yun na nakatayo roon si Daniel, at ang mga leon ay nagsisilapitan na, sumusugod sa kanya, ni walang takot sa puso ng matandang banal na ’yun. Siya nga’y tumindig dun, at ang Diyos ay di pa tapos sa kanya. At bago pa man siya masakmal ng mga leon, isang Anghel ang humarang sa mga leon, di maikakatwang ’yung siya ring nagniningas na Liwanag na ’yun na nagpakita roon kay Saulo ng Tarsus, sa paglalakbay niya patungong Damasco.

<sup>108</sup> May malaking Liwanag na nagliwanag. At tumingin ’yung mga kasamahan niya, at di nila mawari kung ano na bang nangyayari. At nasubasob si Saulo mula sa kanyang kabayo. At biglang may Tinig na lumabas mula sa Liwanag, nagsasabi, “Saulo, Saulo, bakit mo Ako pinag-uusig?”

Sabi, “Sino ka бага, Panginoon?”

Ang sabi Niya, “Ako, si Jesus, na iyong pinag-uusig.”

<sup>109</sup> Hayun nga noon ang mga binatilyong Hebreo na nanatiling matapat sa pangako ng Diyos, na ibubulid dun sa nag-aapoy na hurno. . . o sa Babilonia, ang ibig kong sabihin, ibubulid dun sa nag-aapoy na hurno. Isang hakbang na lang ang pumapagitan sa kanila’t sa kamatayan.

<sup>110</sup> Mangyaring ganoon na rin ito sa mga taong narito ngayong gabi. Maaaring isang araw na lang ang pagitan n’yo at Walang Hanggang pagkawalay. Magpasya ka na mismo ngayon. Ang daan ay inilaan na sa inyo kung inyo lamang tatanggapin ito. “Isang hakbang,” ang sabi ni Jonathan kay David, nung ipana nila ’yung—’yung—’yung pampana, “isang hakbang na lang sa pagitan ko at ng kamatayan.”

111 At iisang hakbang na lang ang pumapagitan sa kanila't sa kamatayan. Pero doon nga sa mapanganib na sandaling 'yun, ang Diyos ay naglaan ng daan para makaalpas, at Kanyang pinadala sa nag-aapoy na hurno na 'yun ang Panginoong Jesus Cristo, at di hinayaang madapuan sila ng apoy.

112 Hayun din si Enoc, na may pagpapahayag na lumakad siya kasama ang Diyos nang limang-daang taon at may taglay na patotoo na kanyang "nilugod ang Diyos." May taglay siyang pananampalataya na "hindi niya makikita ang kamatayan." Sa paanong paraan 'yun ipangyayari ng Diyos? Ni wala pa noong eroplanong jet, na iaangat siya sa kanyang mga paa. Pero ang Diyos nga'y naglaan ng daan, isang paglipat, na inagaw si Enoc mula sa lupa papunta sa Kaluwalhatian, nang di na dadanas ng kamatayan.

113 Hayun din si Elias na humakbang sa karagatan . . . o sa Ilog Jordan nung araw na 'yun, sa pamamagitan ng paghati sa ilog nang gilid sa gilid. At nung si Elias ay handa na roong umakyat ng Langit, nang di namamatay, ang Diyos nga'y naglaan ng daan para sa kanya. Hindi eroplanong jet, bagkus nagpadala Siya ng isang karwaheng Apoy, na hila-hila ng mga kabayong Apoy. Ang Diyos ay naglaan ng daan, sa mismong minuto na 'yun, isang daan para alpasan ang kamatayan.

114 Hayun din si Moises, sa pagkakita ko, na ang mga anak ni Israel ay kanyang sinusundan . . . o kanyang pinangungunahan sila, habang sumusunod-dun sa Liwanag, sa Haliging Apoy, sa kalaparan ng ilang. Hayun nga si Moises na nagbata hanggang sa huli. Hayun si Moises, sangdaan at dalawampung taong gulang, matapos ang walumpung taon ng paglilingkod sa Diyos, na tumayo roon sa ibabaw ng bundok at tumunghay sa lupang pangako, na may mga luhang gumuguhit sa kanyang pisngi, isang matanda nang lalaki, sangdaan at dalawampung taong gulang. Binagtas niya ang bawat sukal. Sinuong niya ang malalalim na tubig. Tumikim siya ng kapaitan sa saro, sa saro ng apdo at pighati. Siya'y napapaligiran ng bayang masuwayin, na siya'y pastor pa nga nila. Pinangunahan niya sila mula sa isang dako patungo sa isa, at tiniis ang kanilang pagrereklamo. At isinuplong ang kanyang sarili sa pagitan, at nagsabi, "Diyos, kunin Mo muna ako bago sila."

115 Hayun nga si Moises na tumindig dun, na isang matanda nang lalaki, na may pagkabatid na sa bawat paraan ay itinitipo niya si Cristo, na may pagkabatid ano't anuman, na sa ganoong paraan, tunay na kukunin siya ng Diyos, dahil siya'y ibabangon Niya muli, bilang tipo ni Cristo. Ipinanganak siya na isang propeta, isang Cristo. At di lang isang propeta, kundi isang tagapanguna, at iba pa. Siya'y itinago sa mga tambo, at kung papaano ngang si Cristo ay itinakas papuntang Egipto. Siya'y tagapagbigay ng kautusan, kung papaanong ganoon si Cristo sa

bundok ng Olibo, ganoon din siya sa pamamalagi niya dun sa Sinai. Sa lahat ng pagkakataon, siya'y tumitipo kay Cristo.

116 At nung siya'y matanda na, at nakatitig na sa mukha niya ang kamatayan, papaano nga niyang maipapakita roon ang pagkabuhay na mag-uli? Haya't sa kagipitang sandali na 'yun, ang Diyos ay naglaan ng daan. Nung ang hininga ay papaalis na, at unti-unti nang gumagapang palabas sa leeg niya, siya nga'y tumingin, sa bagay na nakalagay dun sa kanyang gilid, at doon nga'y nakatayo ang Bato. Ang Diyos ay naglaan ng Bato. Ang Bato na 'yun ay si Cristo Jesus na naroon sa ilang. Nanatili si Moises sa Bato.

117 Diyos, ako po'y bigyan Mo ng biyaya para makapanatili ng tulad nun. At sa sandali na ang hininga ng buhay ko'y unti-unti nang hinuhugot paalis ng katawan ko, iloob Mo na tumingin ako sa Bato na 'yun na nakatayo roon.

118 Lumagak doon sa Bato, at ang mga Anghel ay dumating at dinala siya palayo. Walong-daang taon ang lumipas, naroon nga siyang nakatayo sa Palestina, kasama si Elias, nakatayo dun na nakikipag-usap kay Jesus, bago ang pagpapako sa krus. Ang Diyos ay gumawa ng daan para makaalpas.

119 Dalawa sa pinaka dakilang bagay sa Lumang Tipan, na nakikita ko sa mga propesiya, dalawang dakilang bahagi, ito. Mga taong naghihintay sa panahon ng pagdating ng Mesiyas. At heto ring, matapos ang pagdating ng Mesiyas, na mga taong naghihintay naman sa panahon, na ang Espiritu Santo naman ang darating.

120 Nangyari rin sa wakas, sa takdang panahon, na ang lahat ng mga tipo sa nakaraan, na inilaan sa kanila sa pamamagitan ng mga propeta't lahat, lahat ng mga tipo at mga pagtutubos na inilaan sa kanila, hayan ngang sa wakas ay dumating na rin ang Mesiyas, at natupad ang lahat dahil 'yun mismo ang sinabi ng Diyos.

121 Pagkatapos nun ay naghintay na naman sila sa panahon, ng "lubos na maluwalhating Iglesya na walang dungis o kulubot," na magliliwanag sa lupa na parang isang bituwin. Sila nga'y naghintay sa panahon na 'yun. Papaano nga 'yun mangyayari? Siya'y patay na nang magtatatlong araw at gabi. Bumangon Siyang muli. Nagpakita Siya sa limang daan, at umakyat Siya patungong Langit. Iniwan Niya sila rito sa lupa, na nag-iisa. Papaano nga ito mangyayari para sa maluwalhating Iglesya na ito, yamang ang Tagapanguna'y lumisan na? Nangako nga ang Diyos sa Iglesya. Papaano ngang maituturing ito na Ilaw na magliliwanag sa Kanyang puwesto, matapos na Siya'y mawala na sa eksena?

122 Mangyaring nagwika Siya, "Kaunti pang panahon, at di na Ako makikita pa ng sanlibutan; bagkus makikita ninyo Ako, dahil Ako ay sasa inyo, at sumasa inyong palagi, hanggang sa

katapusan ng sanlibutan. Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman n'yo. Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ang Ebanghelyo. Ang mga tanda na ito ay lalakip sa mga magsisisampalataya.”

<sup>123</sup> Papaano nga nila 'yun magagawa, kung wala sa piling nila si Cristo? Papaano nila 'yun gagawin, sa kabila na ibinigay na sa kanila ang pangako? Pero, tingnan n'yo, ang Diyos ay may inilaan na pentecostes, na ang Espiritu Santo, sa Persona, ay bumaba't pinamahalaan ang mortal na katawan ng tao matapos na sila'y malinis na sa pamamagitan ng Pagtutubos ng Panginoong Jesus Cristo. At ang Espiritu Santo nga'y kinuha ang tao na 'yun sa Kanyang kontrol, at isinugo ang taong ito na may kalakip ng mga tanda't mga kababalaghan at mga himala. Ang Diyos ay naglaan ng daan. Di nga nila 'yun kayang gawin sa sari-sarili lang nila. Sila'y mga tao rin katulad n'yo at ako. Papaano nga nila 'yun magagawa? Di nila kaya. Pero ang Diyos ay naglaan ng daan para makaalpas.

<sup>124</sup> Noong sila'y . . . ? . . . naroon noon sa silid sa itaas, iniisip nila marahil na baka kutyain sila ng mga tao. Iniisip nila na baka *ganito, ganoon, o ano pa*. Isinara nila ang lahat ng mga bintana't, ipininid ang mga pintuan. Papaano nga nila 'yun magagawa? Sila'y nahihintakutan. Wala silang gulugod. Ang mayroon lang sila'y manipis na butong-tinik ng manok, at di tunay na Espiritu Santong gulugod. Ipininid nila ang mga pinto. Sila'y natakot. Nahihiya silang lumakad dun sa labas at harapin ang mga tao. Papaano nga nila 'yun magagawa?

<sup>125</sup> Pero ang Diyos nga'y nagpadala ng pentecostes, bautismo ng Espiritu Santo. Binuksan nga nila nang may sigla ang mga bintana't mga pintuan, at sa mga lansangan sila'y nagsipunta. Ipinangako 'yun ng Diyos. Sa tuwing mangangako ang Diyos, tinutupad nga lagi ng Diyos ang Kanyang Salita. Gagawa at gagawa Siya ng daan para makaalpas. Di Niya pababayaang na kayo'y matukso nang sobra na di pa rin Siya gagawa ng daan para makaalpas kayo. Kanya ngang gagawin.

<sup>126</sup> Heto nga tayo, namumuhay tayo sa panahon na mapanglaw ang araw, maulap, maulan. Ang iglesya ay kalahating-sulong at kalahating-urong. Iniisip nila kung papaano nila gagawin *ito*, at sa papaanong paraan nila gagawin? Wala silang Liwanag. Pero sinabi mismo ng propeta, “Mangyayari na sa gabi ay magliliwanag.” Papaano 'yun mangyayari? Tayo . . . Ang Iglesya ng kapanahunang ito, ang maluwalhating Iglesya na 'yun na mapaparito sa lupa, sa panahon na si Jesus ay darating na para tanggapin ang isang maluwalhating Iglesya, matatanggap nga natin ang huling ulan, isang pagbuhos. Isang dobleng bisa ng Espiritu Santo na bumubuhos sa lupa, at lumalaganap na nang husto sa bawat bansa, at ang mga apoy ng rebaybal ay mag-aapoy sa bawat burol. Sa Tsina, sa Japan, mula Korea, sa itim na



kontinente ng Aprika, at sa lahat ng dako, ang Espiritu Santo ay bumubuhos na sa mga tao. Ang Diyos ay gumagawa ng daan.

<sup>127</sup> Papanong ang mga bulag kong mata'y gumaling? Ang Diyos nga'y gumawa ng daan. Hallelujah! Siyanga, po.

<sup>128</sup> Palagi Siyanga gumagawa ng daan. At sa inyo dito, na nasa mundo ngayon, kayo na naghihintay ng kaaliwan, kayo na mga manlalakbay at mga taga-ibang bayan, maging katulad po kayo ni David.

<sup>129</sup> Si David ay papunta nga noon sa pakikipagbaka. Di siya nagulumihan. Hindi siya nagpapaurong-sulong. Hindi niya inisip na ano kaya't magagawa niya kaya ito. Haya't naghintay nga siya roon sa palumpong ng morales hanggang sa, matapos ang ilang sandali, nagkaroon ng lubos na katahimikan, walang pagkilos. Pagkatapos ng ilang sandali, sa bandang kalayuan, narinig niya ang mga dahon, na palakas nang palakas nang palakas. Matapos ang ilang sandali, isang malaking bugso ng hangin ang nagpunta sa harapan niya. Nakilala niya na 'yun ang Diyos at ang banal na hukbo ng mga Anghel na sa kanya'y mangunguna. At hinugot niya ang kanyang tabak at dinala ang labanan, at ang mga kaaway ay nagsitakbuhan.

<sup>130</sup> Kapatid, huwag kang basta-basta sasabak na lang at iisip ng isang bagay kung kayo'y di pa nararapat na sumabak doon. Tumindig kayo! At tingnan n'yo na walang kinalaman dito ang pag-anib sa iglesya, ang pakikipagkamay man sa mangangaral, maging ang pagbabautismo sa tubig. Bagkus sa pagtanggap sa inilaang handog ng Diyos, si Jesus Cristo, bilang Persona na papasok sa inyong puso. Ang Espiritu Santo nga'y kikilos sa harapan n'yo, na kagaya ng isang malakas na hangin, hinahawi ang anumang bagay sa daan. Amen. Ganoon nga. Mangyaring, maging mga Cristiano. Kayo na sumusulong na sa daan, kayo'y maging tunay na natatakot sa Diyos.

<sup>131</sup> May paparating nga na rebaybal dito, malapit-lapit na, isang malaking pagtitipon sa tolda. Nakikinita ko na nga ito. Siyanga! Ano ngang nararapat n'yong gawin? Ayusin n'yo ang sarili n'yo. . .

<sup>132</sup> Dito nga nang may katagalan na, sa katimugan, ang mga tao dun noon ay nagpupunta't bumibili ng mga alipin, at kung ano. Iniisip ko nga ang munting kuwento na ito. Sa kanila pong pagpunta roon, bumibili ng mga alipin, mapapansin nga nila na 'yung mga alipin na 'yun ay talagang hirap na hirap dahil sa pamamalo. Di nila ginustong iwan ang kanilang bansa, at alam din nilang di na sila makababalik pa. Ang mga Itim na ito, kaawa-awa nga kung paano silang minamaltrato.

<sup>133</sup> Isang araw mangyaring napansin nila ang isang kabataan na ang mga balikat nito ay tuwid na tuwid. Hindi na nga nila kailangang paluin siya. Hindi na, nga. May dumating na bibili roon, ang sabi, "Sige't bibilhin ko ang alipin na ito."

Sabi nung isa, “Hindi siya ipinagbibili.”

<sup>134</sup> Sabi nung bumibili, “Buweno, ano bang dahilan at iba siya sa iba pa sa kanila? Siya ba ang boss ng lahat ng ‘yan?”

Sabi, “Hindi.”

<sup>135</sup> Sabi, “Ano ngang dahilan at iba siya? Mas mainam ba ang ipinapakain n’yo sa kanya?”

Sabi, “Hindi. Ang kinakain niya’y katulad ng kinakain din ng iba.”

Sabi, “Ano ngang dahilan at iba siya?”

<sup>136</sup> Sabi, “Nagkataon na natuklasan ko na ang tatay niya pala ang hari ng kanilang tribo. Gayong nasa malayong lupain siya, itutuwid at itutuwid niya talaga ang kanyang mga balikat. Isa siyang lalaki na maharlika ang pagkapanganak. Ang tatay niya ay isang hari. Gayong siya’y hindi taga-rito, ang tatay niya ay isang hari.”

Ang aking Ama ay mayaman sa mga tahanan  
at lupang nasasakupan,  
Sa mga kamay Niya ay tangan ang kayamanan  
ng sandaigdigang!  
Na sa rubi at brilyante, at pilak at ginto ang  
yari,  
Punung-puno ang Kanyang kaban, di malirip  
bilangin Kanyang yaman.

<sup>137</sup> Tayo, na mga bumubuo sa tabernakulo rito, taglay na natin ang di nagkakamaling katibayan ng pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesus, na nagbunsod ng rebaybal na lumaganap sa buong lupain; mula sa aba’t simpleng dako na gaya nito, na anupa’t di hihigit sa sabsaban ng Betlehem, at marahil mas mababa pa. Pero mula rito, ang Diyos ay nagpalabas ng isang dakilang rebaybal, na lumaganap sa makasampung ilang libo, oo, sa milyun-milyon, patungo sa Kaharian ng Diyos.

<sup>138</sup> Nagnanais ba kayo ngayon na maging kapwa mamamayan kasama namin? Handa na ba kayo sa gabing ito, makasalanan, na iwaksi n’yo ang inyong pagsasawalang-bahala, iwaksi ang inyong buhay na lipos ng kasalanan? Haya’t ituwid n’yo ang inyong mga balikat at sumama na rito sa hanay ng hukbo, ng mga taong nagmamartsa na pasulong, nananampalataya na ang Pagtutubos ng Panginoong Jesus Cristo ay naglinis na sa atin sa lahat ng pagkakasala natin.

Manalangin na po tayo, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo.

<sup>139</sup> Aming mabuting Makalangit na Ama, sa gabi pong ito, habang kami po’y naghihintay sa Iyo, nag-aasam sa dakilang Espiritu Santo na kikilos sa mga taong narito at gagawa ng buong sagana’t higit. At sa amin pong paghahanda ngayon, sa

gabi ng pakikisalo sa komunyong, Oh Ama, Diyos, idinadalangin namin na mangusap Ka sa puso ng mga makasalanan, ngayong gabi. Iyong ibunsod na sila'y lumapit, Panginoon, nang di lang dahil ibinubunsod 'yun ng emosyon, hindi dahil sa malungkot na kuwento, kundi tunay nga na dahil sa di-nahaluang Salita ng Diyos. "Na gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, na ang sinumang sa Kanya'y sumampalataya ay di mapapahamak kundi magkakaroon ng Buhay na Walang Hanggan."

<sup>140</sup> Diyos, Iyo pong ipagkaloob, na sa gabing ito, na ang mga Salita ng Panginoong Jesus, sa San Juan 5:24, ay paulit-ulit na bubulong sa bawat puso. "Ang dumirinig ng Aking mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan, at hindi mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan." Marami po nawa ang makalipat, sa oras na ito, mula sa kamatayan tungo sa Buhay, habang hinihintay po namin ang Espiritu Santo, sa pamamagitan ng Pangalan ni Cristo.

<sup>141</sup> At habang nakayuko ang ating mga ulo. Iniisip ko, habang tumutugtog ang kapatid nating babae rito, kung. . . Bawat isa, na Cristiano, sa pananalangin. May lalaki po kaya, o babae, kabataang lalaki, o kabataang babae, na nagnanais na magtaas ng kanilang kamay sa Diyos, di po sa akin? At sasabihin, "Dito mismo sa. . . Itinataas ko ang aking kamay, upang sabihin sa Iyo, Diyos, na naniniwala ako na ang paghatol ay handa nang tumama sa lupa. At ako'y nasa ilalim ng kaparusahan ng paghatol na ito. Sadya ngang dapat akong mahiwalay sa Diyos, sa presensya ng Iglesya, sa presensya ng mga Cristiano. Sadya ngang dapat akong pahirapan kailanman, sa isang Walang Kawakasang impyerno. Pero, ngayong gabi, ramdam ko ang Iyong Espiritu na nangungusap sa akin, na ako'y tunay nga na pinili ng Diyos. Sapagkat sinabi ni Jesus, 'Walang sinuman ang makalalapit sa Akin, maliban na palapitin siya ng Ama.' At may nararamdaman akong kakaibang paghatak sa aking puso, na ngayon ay nagnanais na akong tanggapin si Cristo bilang sarili kong Tagapagligtas. At, Diyos, itinataas ko po ang aking kamay sa Iyo, at gusto kong sabihin, ito, na tinatanggap ko na ngayon ang Iyong Anak, na si Jesus Cristo, ang Iyong inilaang hain, para sa aking lipos na karamdaman at lipos na kasalanan. Itinataas ko ngayon ang aking mga kamay sa Iyo." Maaari n'yo po bang gawin na ito ngayon?

<sup>142</sup> Lalaki man o babae, kabataang lalaki o kabataang babae, na narito, sa mga sandaling ito, magagawa n'yo bang itaas ang inyong mga kamay at sabihin, "Sa pagtaas kong ito, akin ngang tinatanggap ngayon ang Panginoong Jesus Cristo bilang sarili kong Tagapagligtas." Maghihintay ako nang kaunting sandali sa inyo na magpasya na ngayon. Itaas n'yo lamang ang inyong kamay. Pagpalain ka ng Diyos, munting batang lalaki. May iba

pa po ba na magtataas ng kamay, sasabihin . . . Pagpalain ka ng Diyos, kapatid kong lalaki. Sige lang po. Sa Diyos n'yo po ito ginagawa, hindi sa akin.

<sup>143</sup> “Yaon ngang nagsisampalataya ay nangabautismuhan, at nangaparagdag sa iglesya.” Tatlong libong mga kaluluwa ang naligtas.

May isang bukal na puno ng Dugo.

<sup>144</sup> Tunay nga. Magagawa n'yo bang lumubog na roon ngayon, sa pamamagitan ng pananampalataya, sasabihin, “Panginoong Diyos, ako'y lulubay na. Oh, panay ang dulong ko sa altar, nang napaka raming beses na. Ginawa ko na 'yung *ganito*, *ganoon*, o haya't umanib sa iglesya. Sinusubukan kong iwasan ang galit. Pero, ngayong gabi, ako'y dumudulong na ngayon sa daan na ito, sa pamamagitan ng batayan na si Jesus Cristo ay namatay sa halip na ako, Siya ang Corderong inihain. Siya ang kambing na nagdala ng sala. Siya ang lahat ng 'yun. At, sa Kanya, ako'y kumpleto. Ipinasan Niya ang aking mga pagkakasala. Humalili Siya sa sana'y lugar ko sa Kalbaryo. Humalili Siya sa sana'y lugar ko sa ilalim ng galit ng Diyos. Humalili Siya sa sana'y lugar ko sa ilalim ng parusa ng Diyos. Humalili Siya sa sana'y lugar ko sa impyerno. At ang makadako ako sa Kanyang lugar sa Langit, upang maging anak ng Diyos, tinatanggap ko na po ngayon ang batayang 'yun sa mismong sandaling ito. Yamang isa akong makasalanan, ako'y sumasampalataya.” [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

When sinners plunge beneath the Blood,  
Lose all their guilty stains.  
Lose all their . . .

<sup>145</sup> Maglumagi sa pananalangin, iglesya, habang may ilan na gumagawa ng pagpapasya para sa Panginoon. Manalangin po. Gaanong karami ang ipaglalaho? Ipaglalaho ngang lahat ang mantsa ng kanilang pagkakasala. Judio, Gentil, nakakulong o malaya, makasalan o miyembro man ng simbahan, pari, doktor, abogado, ano man kayo, mapaglalaho ang lahat ng mantsa ng inyong pagkakasala, sa pamamagitan ng pagsampalataya sa Panginoong Jesus, pagtanggap sa Kanya bilang sarili n'yong Tagapagligtas. Pakinggan n'yo po ang taludtod na ito, habang inaawit natin ito nang taimtim ngayon.

The dying thief rejoiced to see  
That Fount . . .


<sup>146</sup> Sa dulo ng daan, na ang lahat ng pag-asa'y naglaho na, may Bukal nga na magpapakita roon. Kayo po ba'y nasa dulo na, ngayong gabi, dulo na ng inyong sariling kalooban?

Sinners plunged beneath . . .  
 Lose all their guilty stain.  
 Lose all their guilty stain,  
 Lose . . .

<sup>147</sup> Ngayon, Makalangit na Ama, nasa Iyo pong mga kamay na ang lahat-lahat. May isang matandang lalaki't batang lalaki na nagtaas ng kanilang mga kamay, pahiwatig na nagnanais sila na tanggapin Ka, habang ang Bukal ay binuksan na ngayon sa pamamagitan ng Salita. Nagpapasalamat kami nang lubos para sa Iyong pakikipaglakip, Panginoon, ang Espiritu Santo.

<sup>148</sup> Marahil lahat sila'y mga Cristiano, na nag-iisip marahil na sila'y ligtas naman. Iyo pong nababatid ang kanilang mga puso, Panginoon. Marahil lumampas na sila sa linyang hangganan sa pagitan ng awa't kahatulan, na wala na sa kanilang pagnanais na itaas pa nila ang kanilang kamay, o wala nang pagnanais na magkaroon ng anupamang damdamin na Iyo silang tatawagin. Dalangin ko, Ama, na kung ganoon, mahabag Ka nawa.

<sup>149</sup> Diyos, idinadalangin ko na Iyo pong iligtas ang lalaking ito, Panginoon. Dalangin ko na ngayon mismo, sa kaibuturan ng kanyang puso, ang mga kampana ng kagalakan ng Langit ay magsitunog doon. At sa batang lalaki namang ito, ganoon din. Sa pagkabatid nito, na si Jesus ay nagbitiw ng pahayag na ito, "Ang dumirinig ng Aking mga Salita, sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan, at di na mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan." Yan mismo ang Iyong Salita, Ama, at amin Itong sinasampalatayanan. Iyo pong pagkalooban sila ng walang katapusang kagalakan ngayon, na sila'y tumanggap na ng Buhay na walang hanggan. Dalangin namin, na Iyo ngang idudulot na ang kanilang buhay ay mapuno ng kagalakan, at magiging mabunga't masaya. Iyong ipagkaloob ito, Panginoon.

<sup>150</sup> Iyo ring pagpalain ang iba, habang naghihintay po kami sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus ito'y idinadalangin namin. Amen. 

*GUMAGAWA NG DAAN* TAG56-0304  
(Making A Way)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Marso 4, 1956 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)